REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG LUNGSOD NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA

Sangguniang Panlungsod

**KAUTUSANG PANLUNGSOD BILANG 99-051**

**KAUTUSANG PANLUNGSOD NA NAGTATAKDA NG PAGTATAAS NG PASAHE SA MGA TRAYSIKEL SA LUNGSOD NG MUNTINLUPA.**

**********************************************************************

Ipinanukala nina: **Kon. Lucio B. Constantino**
**Kon. Dante S. Almario**
**Kon. Mario E. Bulay, Jr.**
**Kon. Reynaldo A. Abas, Jr.**
**Kon. Victor L. Ulanday**
**Kon. Elmer S. Espeleta**
**Kon. Artemio A. Simundac**
**Kon. Patricio L. Boncayao, Jr.**
**Kon. Aldrin L San Pedro**
**Kon. Jo Jason T. Alcaraz**
**Kon. Nicanor L. Echavez. MD**
**Kon. Raul R. Corro**
**Kon. Bal Niefes**
**Kon. Allan Rey A. Camilon**

**********************************************************************

**SAPAGKAT,** ang tatlong magkakasunod na pagtaas ng presyo ng gasolina ay humihila pa pababa sa dati nang mababang kinikita ng mga magtatraysikel sa ating lungsod;

**SAPAGKAT,** ramdam na ramdam ng ating mga kapatid na anak pawis na magtatraysikel ang epekto ng bawat pagtaas ng presyo ng gasolina kaya hindi man nila gusto ay ***humihiling sila sa Sangguniang Panlungsod,*** sa pamamagitan ng pamunuan ng Federation of Muntinlupa Tricycle Operators and Drivers Association (FEDMUNTODA) at ng mga pangulo ng kani-kanilang mga TODA, ***na taasan ng Limampung Sentimo (P0.50) ang pasahe ng traysikel sa ating lungsod;***

**SAPAGKAT,** sa pinagsamang Pampublikong Pagdinig ng Muntinlupa Tricycle Franchising and Regulatory Board (MTFRB), Komite ng Pampublikong Kaayusan, Seguridad at Kaligtasan at Komite ng Transportasyon na ginanap noong ika-9:00 ng umaga ng Biyernes, ika-22 ng Oktubre, 1999 sa Silid Pulungan ng People's Center na dinaluhan ng pamunuan ng Federation of Muntinlupa Tricycle Operators and Drivers Association (FEDMUNTODA), pamunuan ng mga TODA ng bawat sona/ruta sa lungsod, Pinuno ng BPLO/TRU, Hepe ng Pulisya ng lungsod, Pinuno ng TED, Kapitan ng Barangay Alabang, at nagkaroon pa ng pangalawang Pampublikong Pagdinig sa pamamagitan ng Komite ng Transportasyon noong ika-2 ng Disyembre, kung saan inimbitahan at dumalo ang pamunuan ng mga subdibisyon at samahan ng mga maralitang taga-lungsod na interesado at apektado ng pagtatas ng pasahe sa traysikel sa lungsod, ***nagkaisa at sumang-ayon ang lahat na makatuwiran at dapat lamang na pagbigyan ang naturang kahilingan,***

City Hall of Muntinlupa
National Road, Putatan, Muntinlupa City, Philippines
Tel. Nos.: 543-0766 * 862-2711 * 862-2377 loc. 141
Telefax: 543-0754 * 862-6196

**NGAYON, DAHIL DITO, ISINASABATAS** ng Sangguniang Panlungsod ng Muntinlupa na:

**SEKSIYON 1.** Ang pasahe ng traysikel sa Lungsod ng Muntinlupa ay dapat naaayon sa sumusunod:

*(a) REGULAR NA PASAHE - TATLONG PISO (P3.00) PARA SA UNANG KILOMETRO AT DAGDAG NA LIMAMPUNG SENTIMO (P0.50) SA BAWAT SUSUNOD NA KILOMETRO.*

**SEKSIYON 2.** Lahat ng kautusan, kapasiyahan, alituntunin at patakaran o bahagi nito na taliwas sa probisyon ng kautusang ito ay pinapawalang bisa o babaguhin ng alinsunod dito.

**SEKSIYON 3.** Sinuman na napatunayang lumabag sa probisyon ng kautusang ito ay pagmumultahin ng halagang Isang Libong Piso (P1,000.00) o pagkakakulong ng isang (1) buwan o pareho alinsunod sa hatol ng hukuman.
1
**SEKSIYON 4.** Ang kautusang ito ay magkakabisa kaagad matapos na ito ay mapagpasiyahan.

**PINAGTIBAY** ng *Sangguniang Panlungsod ng Muntinlupa* ngayong ika-**15 ng Disyembre, 1999** sa ginanap na ika-**65** Regular na Sesyon.

**SUMANG-AYON:**

**ALDRIN L. SAN PEDRO**
*Konsehal*

**DANTE S. ALMARIO**
*Konsehal*

**Mggl. RAUL R. CORRO**
*Konsehal*

**ELMER S. ESPELETA**
*Konsehal*

**Mggl. JO JASON T. ALCARAZ**
*Konsehal*

**REYNALDO A. ABAS, JR.**
*Konseha*

***Pahina 3***
***Kautusang Panlungsod Blg. 99-051***

**BAL NIEFES**
*Konsehal*

**LUCIO B. CONSTANTINO**
*Konsehal*

**Dr. NICANOR L. ECHAVEZ**
*Konsehal*

**LIBAN:**

**VICTOR L. ULANDAY**
*Konsehal*

**MARIO E. BULAY, JR.**
*Konsehal*

**ALLAN REY A. CAMILON**
*Kinatawan ng Sektor*
*Pangulo*
*Pederasyon gn Sangguniang Kabataan*

**ARTEMIO A. SIMUNDAC**
*Kinatawan ng Sektor*
*Pangulo*
*Samahan ng mga Punongbarangay*

**PINATOTOTOHANAN** ko ang katumpakan ng Kautusang ito.

**CECILIA C. LAZARTE**
*Kalihim*
**SANGGUNIANG PANLUNGSOD**

**PINATUNAYAN:**

**Mggl. PATRICIO L. BONCAYAO, JR.**
*Tumayong Tagapangulo*

**PINAGTIBAY:**

**Mggl. JAIME R. FRESNEDI**
*Punonglungsod*

Petsa: __________